



sandiwa.

TOMO XXXIII BILANG II, HULYO-DISYEMBRE 2019
BOCAUE, BULACAN

OPISYAL NA PAHAYAGAN NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE



PARANGAL

➤ Makikita sa larawan si CDA Director Marietta Hwang kasama ang mga opisyal at kawani ng St. Martin Coop na ginawaran ng Pamahalaang Panlalawigan ng plake ng pagkilala para sa Ginintuang Pagdiriwang ng Pagkakatatag nito.

PENSION PROGRAM

Bagong Polisiya sa Senior Members' Pension, aprubado ng BOD

SERAFIN M. CELESTINO, JR.

Niratipikahan ng Lupong Patnugutan sa kanilang regular na pagpupulong noong ika-14 ng Setyembre 2019 ang binagong Polisiya sa Senior Members' Pension. Inaasahan na ang mga pagbabagong ginawa sa polisiyang ito ay makatutugon sa sitwasyon at pangangailangan ng mga nakatatandang kasapi.

Kabilang sa mga amyenda ang pagpapaiksi sa suspension period ng buwanang pension kung sakali at nagkaroon ng pagpalya sa paghuhulog ng utang. Mula isang taon, anim na buwan na lamang na pansamantalang titigil ang pension ng kasaping nagkaproblema sa paghuhulog ng utang. Gayunman, upang matiyak na siya'y muling makakatanggap ng pension, kailangan niyang pagbutihin ang pagbabayad sa takdang panahon ng kanyang utang sa loob ng suspension period. Ibabatay na rin sa bagong pension table ang buwanang pension ng pensioners na sumailalim sa suspension period.

Kung dati ay pawang mga Class A borrowers lamang ang naisasaalang-alang na maging pensioner, ngayon ay maaari na ring mapabilang iyong may Class B rating ngunit walang utang. Ito ay bilang pagtanggap na rin sa katotohanan na marami sa nakatatanda ang limitado na ang kakayahan sa pag-utang o kaya naman ay iniwasan na ang dagdag na obligasyon at intindiin sa buhay.

Hinihikayat din ang kasalukuyang pensioners na iwasang mag-offset ng loan, mapunta sa legal ang account o kaya'y maging mababa sa P5,000.00 ang kanilang Share Capital sapagkat sa sandaling mangyari ang alinman sa mga ito, tuluyan nang hindi makakuha ng pension sa kooperatiba.

Ang bagong Polisiya sa Senior Members' Pension ay magiging epektibo simula sa katapusan ng taong 2019. Tandaan na ang bawat benepisyo ay may kaakibat ring obligasyon o tungkulin para higit pang tumatag at yumabong ang kooperatibang ito.

AREAS OF OPERATION

SJDM, Pandi, Valenzuela, Guimba, pasok sa Areas of Operation ng St. Martin Coop

NENITA D.R. IGNACIO

Inaprubahan ng Lupong Patnugutan sa kanilang regular na pagpupulong na ginanap noong ikawalo ng Oktubre 2019 ang panukalang pagpapalawig sa mga lugar na sakop ng operasyon ng St. Martin Coop. Sa ganitong paraan, mas marami pang komunidad at mamamayan ang maaabot ng mga programa at paglilingkod ng kooperatiba. Alinsunod ang pagpapalawig na ito sa membership policy kung saan may kapangyarihan ang Lupong Patnugutan na gawin ito depende sa saklaw ng branch operations.

Kabilang sa mga nadagdag sa Areas of Operation ang Pandi at buong San Jose Del Monte City sa Bulacan. Lingunan, Viente Reales, Malanday at Dalandanan naman ang mga lugar na nadagdag sa Valenzuela City. Samantala, napabilang na rin sa Guimba, Nueva Ecija ang Guimba, Quezon, Licab, at Sto. Domingo. Asahan na higit pang darami ang bilang ng mga bagong kasapi na nagnanais mapabilang at maranasan ang mga benepisyo at serbisyong dulot ng pagiging miyembro ng St. Martin Coop na isa sa itinuturing na pinakamatatag at mahusay na kooperatiba sa bansa.

Sa mga nagnanais na maging miyembro, magsadya lamang sa alinmang sangay ng St. Martin Coop na malapit sa inyong lugar at maging kaisa nito sa adhikaing "Uplifting Lives, Building Communities".

Ika-50 taong pagkakatatag ng St. Martin Coop, kinilala sa GGGK Awards Night

FERDINAND G. TUAZON

Isa na namang prestihiyosong paggawad at pagkilala sa kagalingan bilang isang kooperatiba ang nakamit ng St. Martin Coop noong ika-24 ng Oktubre 2019. Sa isang nagniningning na palatuntunan na isinagawa ng pamahalaang panlalawigan ng Bulacan na tinaguriang Gawad Galing Kooperatiba sa pamumuno ni Gov. Daniel Fernando, ipinagkaloob sa St. Martin Coop ang plake ng pagkilala para sa Ginintuang Pagdiriwang ng Pagkakatatag nito. Ang plake ay tinanggap nina CEO Maria Cristina Naigan, BOD Chairperson Irma Cruz at Vice Chairperson Danilo Esteban.

Sa kaugnay na balita, iginawad din ng Bocaue LGU sa St. Martin Coop ang Most

Outstanding Cooperative award sa ginanap na Gawad Galing Bocaueño noong ika-23 Nobyembre 2019.

Makailang beses na ring nakatanggap ng prestihiyosong award ang kooperatiba hindi lamang sa ating bayan at probinsya kundi maging sa buong Asya. Ito ay bunga na rin ng patuloy na mahusay na pamamalalakad ng ating Pamunuan at Tagapangasiwa sa pangunguna ni CEO Naigan sa loob ng mahigit na 20 taon niyang pamamalalakad. Gayundin naman, malaki ang naiambag ng mga kamay-ari sa kabuuan, sa patuloy na pag-unlad ng kooperatibang ito. Para sa inyong lahat ang mga parangal na ito!

St. Martin Coop, partner ng The Lord's Hospital at Christ the King Bordador Clinic sa pagbibigay ng laboratory tests discount sa mga miyembro

FERDINAND G. TUAZON

Magandang balita mga kasapi! Isa na namang matagumpay na pakikipagsanib ang naganap sa pagitan ng St. Martin Coop at sa isang kilalang ospital at sa isang diagnostic clinic sa Meycauayan, Bulacan. Kung natatandaan ninyo noong Agosto 2015 hanggang Agosto 2016, nagbigay ng 10% diskuwento sa Ultrasound at X-ray, at 20% sa lahat ng in-house laboratory tests, In-patient man o out-patient sa lahat ng miyembro ng kooperatiba ang The Lord's Hospital sa Brgy. Calvario, Meycauayan, Bulacan na magpapatungin sa kanila.

Muli silang nakipagkasundo sa kooperatiba. Bunga nito ay nilagdaan ang bagong kasunduan sa pagitan ng St. Martin Coop at ng nasabing ospital noong ika-14 ng Oktubre 2019 na kung saan ay gagawin nang dalawang taon mula Nobyembre 1, 2019 hanggang Nobyembre 1, 2021 ang kasunduan sa pagbibigay ng diskuwento. Gayunman, hindi sakop ng programang ito ang mga senior citizen members sapagkat mayroon na silang kaukulang 20% discount na naayon sa batas.

Bilang accredited Surgical Hospital ng Philhealth, nagsasagawa din sila ng free eye cataract surgery procedures sa mga senior citizens sa pangangalaga ni Dr. Frances Puentesquina, isang Ophthalmologist.



Gayundin, nakipagsanib din sa St. Martin Coop ang isa namang kilalang diagnostic clinic sa Meycauayan, Bulacan upang magkaloob ng kaparehas na diskuwento sa laboratory. Ito ay ang Christ the King Bordador Diagnostic Clinic na matatagpuan sa Gen. Pacheco St. Calvario, Meycauayan, Bulacan. Sila ay nakipagkasundo simula Nobyembre 1, 2019 hanggang Nobyembre 1, 2020 na mabigyan ng diskuwento ang lahat ng kasapi ng St. Martin Coop sa lahat ng laboratory procedures.

Ang The Lord's Hospital at Christ the King Diagnostic Clinic ay halos magkatabi lamang na institusyon sa Meycauayan, Bulacan at may mga kanya-kanyang espesyalisasyon ang mga doktor dito. Misyong nila na makapagbigay ng tama, eksakto at de-kalidad na medical at laboratory services

MEDICAL DISCOUNT

➤ Sample membership identification card ng St. Martin Coop na balido para makakuha ng diskuwento sa mga naturang partner hospitals.

gamit ang makabagong teknolohiya at hindi mapapantayang paglilingkod sa abot-kayang halaga. Kabilang sa mga lab tests na isinasagawa nila ang CBC/platelet, HGT, FBS, RBS, Cholesterol, Creatinine, Sodium, Potassium, Uric Acid, Triglycerides, Urinalysis, Fecalalysis, FA with OB, Dengue Test, Typhidot, Pregnancy Test, Blood typing, VDRL, Lipid Profile TSH, SGOT, SGPT, LDL, HDL.

Ipakita lamang ang inyong SMTCDC membership I.D. kung kayo'y magpapatungin sa The Lord's Hospital at Christ the King Diagnostic Clinic upang makakuha ng discount. Tanging ang bagong SMTCDC membership I.D. lamang, gaya ng matutunghayan sa itaas, ang tatanggapin ng mga naturang pagamutan upang kayo ay mabigyan ng discount. Kung wala o luma na ang inyong SMTCDC membership I.D., maaari kayong magsadya sa branch na inyong kinabibilangan, magdala ng inyong latest 1x1 I.D. picture at magbayad ng P100.00 upang makakuha ng nasabing I.D.

Coverage ng BuntiSuporta, pinalawig

SERAFIN M. CELESTINO, JR.

Simula ika-apat ng Nobyembre 2019, ipinatutupad na ng St. Martin Coop ang binagong Polisiya sa BuntiSuporta. Kung dati ay para lamang ito sa mga babaeng miyembro, sakop na rin ng BuntiSuporta ang legal na asawa ng mga lalaking kasapi.

Pinadali na rin ang requirements sapagkat hindi na reimbursement-type ang benepisyo dito. Kaya, hindi na kailangan ang resibo sa konsultasyon at ultrasound o biniling folic acid. Ang benepisyo ay idinaan na sa BuntiSuporta Voucher na nagkakahalaga ng P500.00-P1,200.00 depende sa laki ng Share Capital ng nagki-claim na kasapi. Ito ay maaari nang i-encash kaagad at gamitin sa anumang paraang nais niya.

INSIDE THIS ISSUE

BALITA

Financial Stability, Good Governance at Inclusivity: Sentro ng 2019 ACCU Forum

☉ PAHINA 2

PROFILES

Sa isyung ito ng Sandiwa, ating kilalanin ang ilan sa mga halal na pinuno ng ating kooperatiba.

☉ PAHINA 5



Financial Stability, Good Governance at Inclusivity: Sentro ng 2019 ACCU Forum

MARICRIS EUGENIO



Patuloy pa rin ang pagpapaunlad ng kooperatiba mula sa mga sistema at mga programa, maging sa kaalaman ng mga namamahala nito. Sa katunayan, noong ika-26 hanggang 28 ng Setyembre, idinaos ang 2019 ACCU Forum na may temang “Making Positive Impact on People’s Lives” sa Berjaya Times Square Hotel, Kuala Lumpur, Malaysia na dinaluhan nina CEO Maria Cristina Naigan, COO Evangelina Guevarra, at Directors Peter John Vistan, Pinky Claudio.

Isa sa mga punto na tinalakay sa forum ay tungkol sa Financial Stability. Ibinahagi rito na isa sa mga pangunahing tungkulin ng mga namamahala ng kooperatiba ay ang pagpapanatili ng katatagang pampinansyal kasabay ng pagpapaunlad ng kooperatiba at ng mga miyembro nito sa pamamagitan ng patuloy na pag-aayon ng mga polisiya at programa sa kasalukuyang mga pangangailangan ng bawat miyembro.

Pinag-usapan din kung paano mas mapagtitibay ang Good Governance sa isang kooperatiba sapagkat ito ay isa sa mga pinagtutuunan ng pansin pagdating sa mga polisiya at maging sa pag-unlad.

Paksa din ang Inclusivity na kung saan ibinahagi ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga polisiya at mga programa na para sa lahat ng uri ng miyembro at mga nasasakupan ng kooperatiba nang sa gayon ay magkaroon ng pagkakapantay-pantay sa pagbibigay ng mga serbisyo at tulong at mas mapalawig pa ang sakop ng pagpapaunlad sa mga komunidad.

Isa si CEO Naigan sa naging resource speakers sa break-out plenary session ukol sa Sound Practices for the Management of Members’ Savings in Credit Union kasama sina Prasad Poudes, CEO ng VYCCU SACCOS sa Nepal at Daniel Cher, Director ng TCC Coop sa Singapore.

Sa kabuuan, inilahad sa forum ang mga pagbabago sa credit union movement at ang mga paraan kung paano makakasabay sa mga pagbabagong ito bilang pagtugon sa maaring maging pangangailangan sa patuloy na pagpapabuti ng mga serbisyo ng kooperatiba.

Tunay na hindi matatawaran ang pagsisikap ng mga namumuno sa St. Martin Coop na makakuha ng mga bagong kaalaman upang higit pang maiayos ang mga programa at paglilingkod nito.

GOVERNANCE

Si CEO Cristy Naigan, kasama ang iba pang resource persons sa isa sa mga break-out plenary sessions na isinagawa sa ACCU Forum.

Agrikultura palakasin sa tulong ng AGRICOOPS-KITE

JEAN ERIZ GALANG



Humigit sa 170 katao na kinabibilangan ng mga delegado mula sa iba’t ibang kooperatiba, cooperative consortiums and federations, development partners at mga representative mula sa mga government agencies ang nagsama-sama para sa kauna-unahang National Agriculture Cooperatives: Knowledge and Learning, Innovation and Trade Expo (AGRICOOPS-KITE) noong Oktubre 22-25, 2019 sa Century Park Hotel, Malate, Manila. Ang nasabing programa ay isinagawa rin bilang bahagi ng pagdiriwang ng Cooperative Month.

Taglay ang temang “Galing sa Coop, Galing ng Coop”, layunin ng AGRICOOPS-KITE na tukuyin ang kasalukuyang katayuan, mga kinahaharap na problema, at mga oportunidad na makasasagot upang mas mapaunlad ang agrikultura sa Pilipinas. Naging panauhin sina Department of Agriculture Secretary William H. Dar, CDA MEO Acting Regional Director Atty. Eric Robles, Ms. Gerald Tan ng Department of Agricultural Reform at AgriCoopPh CEO Cresente Paez na nagpaigting ng talakayan ukol sa kahalagahan na mapaganda ang mga produktong

AGRICULTURAL SUPPORT

Nagkapit-bisig ang AGRICOOPS-KITE participants kasama si Department of Agrarian Reform Secretary William Dar para sa pagpapakita ng suporta sa sektor ng agrikultura.

pang-agrikultura ng kooperatiba upang mahigitan nito ang mga katapat na produkto sa merkado at gayundin ang mga programang laan ng government agencies.

Nagkaroon din ng Trade Fair ng agricultural products sa Harrison Plaza na nilahukan ng iba’t ibang kooperatiba at ilang development partners. Pinasinayaan ito sa unang araw ng aktibidad at nagtagal sa loob ng apat na araw.

Nagbahagi ng kanilang successful strategy and models ang ilang naimbitahang resource speakers. Sila ay sumalang din sa open forum upang magkaroon ng pagkakataon ang participants na magtanong o humingi ng karagdagang ideya para sa kanilang mga kooperatiba.

Igrinupo rin ang participants para sa isang workshop na kung saan ay nagkaroon ng anim na booth para sa simultaneous discussion ng: (1) E-commerce, (2) Payment System Technologies, (3) Agri-tourism, (4) Livestock and Crop Insurance, (5) Processing Plant Management at (6) Agri Extension/Coop Trade. Tinalakay at ipinakita ng

mga presenters ang best practices and innovations, value chain development at ang assigned topic. Ilan sa napiling kooperatiba ay ang: PAKISAMA, Nueva Segovia Consortium of Cooperative (NSCC), Lamac Multipurpose Cooperative, ACDI Multipurpose Cooperative, ICISP at NATCCO.

Pagkatapos ng simultaneous discussion, pumili ang bawat grupo ng representative na maaaring maglahad ng kanilang natutunan gayundin ang mga nakitang problema at solusyon na makakatulong sa paglago ng agrikultura at ito ay aktibong nilahukan ng mga delagado ng St. Martin Coop na sina Rowena D.J. Celestino at Jean Eriz R. Galang.

Sa huling araw ay nagkaroon ng call to action. Dito inilahad ang mga pangunahing balakid sa paglago ng agrikultura sa Pilipinas na kinabibilangan ng mga sumusunod: patuloy na paggawa ng subdivision na nakakabawas sa malaking bahagi ng sakahan, pagpasok sa merkado ng mga produktong galing sa ibang bansa na may mas mababang halaga, patuloy na kasadlanan ang inaabot ng mga agrarian reform beneficiaries dahil sa kakulangan sa pinansyal at teknolohiya, kakulangan sa kaalaman sa mga programa ng gobyerno pagdating sa agrikultura at marami pang iba.

Tunay nga na ang sektor ng agrikultura ay may malaki at importanteng gampanin sa Gross Domestic Product ng Pilipinas. Nangako ang pamunuan ng AGRICOOP-KITE na makikipag-ugnayan sila sa mga government agencies at private sectors na makatutulong na masagot ang mga nailahad na problema at patuloy silang magbibigay ng update ukol rito.

Lakbay-aral sa pagtataguyod ng Gender and Development, nilahukan ng St. Martin Coop

ROWENA D.J. CELESTINO

Kabilang ang St. Martin Coop sa lakbay-aral na isinagawa noong ika-25 hanggang ika-30 ng Agosto, 2019 sa Singapore at Malaysia sa pangunguna ng Gender Equality Resource Center Inc. (GERC). Nilahukan ito nina BOD Chairperson Dr. Irma Cruz, Vice-Chairman Danilo Esteban at CEO Maria Cristina Naigan.

May temang “Crossing Frontiers for Gender and Development (GAD) Mainstreaming,” nilalayan nito ang oportunidad na malaman at matutuhan ang mga programa at serbisyo ng iba’t ibang organisasyon katulad ng “women’s organization, credit unions” at kooperatiba sa dalawang bansa. Isang pagkakataon din ito na makapagbahagian ang bawat isa ng kani-kanilang karanasan upang mapalawak pa ang kaalaman ukol sa GAD nang sa gayon ay makabuo pa ng mga proyekto at serbisyo na tutugon sa usapin ng kasarian sa mga kooperatiba.

Binubuo ng 54 na kinatawan ang lakbay-aral na ito mula sa 13 kooperatiba sa bansa.Kabilang dito ang GAD Committee ng mga Kooperatiba, GAD Trainers, GAD Focal Persons, Board of Directos, Chief Executive Officers/ General Managers, managers, staff of officers ng mga local government units, government agencies, at iba pang organisasyong sumusuporta sa GAD mainstreaming sa mga kooperatiba.

Limang organisasyon ang kanilang binisita—tatlo sa Singapore at dalawa naman sa Malaysia. Kabilang dito ang mga sumusunod: (1) Singapore Council of Women Organization (SCWO); (2) TCC Credit Cooperative; (3) National Trade Union Congress Fairprice (NTUCF); (4) Pusat Wanita Berdaya; at (5) Kooperasi Kredit Pekerja - Pekerja Bhd (KKP).



GAD MAINSTREAMING

Ang mga GAD advocates sa kanilang lakbay-aral sa Singapore at Malaysia sa pakikipagtulungan ng Gender and Equality Resource Center, Inc.

GAWAD GALING KOOPERATIBA

St. Martin Coop, nakibahagi sa pagpili ng G GK 2019 Awardees

SERAFIN M. CELESTINO, JR.

Isa ang St. Martin Coop sa naging miyembro ng Gawad Galing Kooperatiba (GGK) Screening and Evaluation Committee para sa taong 2019. Itinalaga sina Chief Officers Corazon Orito at Serafin Celestino, Jr. bilang permanenteng kinatawan ng St. Martin Coop sa nasabing lupon.

Bago ang aktuwal na pagsusuri noong ikatlo hanggang ikaanim ng Setyembre, nagkaroon ng pagpupulong ang Lupon sa Pagpaparangal ukol sa panukalang GGK Revised Scoring System at Awards Category noong ika-12 ng Hulyo 2019 sa PCEDO


Conference Room, Malolos, Bulacan.

Ang mga kalahok ay masusing sinuri batay sa pamantayan ng Lupon sa Pagpaparangal. Upang tanghalin ang isang kooperatiba na nagwagi at parangalan, ang lahat ng kategorya para sa Micro, Small, Medium at Large Category ay dapat makakuha ng hindi bababa sa 85% sa scoring standard ng bawat aspeto maliban sa participation in community development na tumataas habang lumalaki ang asset ng kooperatiba.

Ibinatay din sa COOP-PESOS ang pagsusuri sa pananalapi ng mga kalahok sapagkat ito ang sukatan upang masabing matatag ang isang kooperatiba. Nais ng pamahalaang panlalawigan na sa bawat taon ng parangal ay mas marami pa ang gagawaran.

Ang GGK awarding ceremony ay ginanap noong ika-24 ng Oktubre 2019 sa Hiyas ng Bulacan Convention Center na kung saan tumanggap din ang St. Martin Coop ng Ginintuang Kooperatiba Award mula sa pamahalaang panlalawigan.

➤ Nakamit nina Kelvin M. Sanchez ng Bunlo Branch at Caitlene Kaye B. dela Rosa ng Pulong Buhangin Branch ang Little Mr. and Ms. TIPID 2019 title.



Candidates ng Bunlo at Pulong Buhangin Branches, itinanghal na Little Mr. and Ms. TIPID 2019

NENITA D.R. IGNACIO

Naging mahigpitan ang pasiklaban ng kapwa-talentado at magkakasinghusay na mga kalahok sa Little Mr. and Ms. TIPID 2019 ngunit higit na lumutang ang galing, talino, husay sa pagrampa, pananamit at ang tinatawag na “x-factor” nina Kelvin M. Sanchez ng Bunlo Branch at Caitlene Kaye B. Dela Rosa ng Pulong Buhangin Branch upang hiranging kampeon ng patimpalak. Sila ay nakipagtagisan ng talento at kakayahan kasama ang 20 iba pang TIPID Savings Depositors na edad anim hanggang siyam mula sa iba’t ibang sangay ng St. Martin Coop sa Pageant Night na ginanap sa SM Marilao Event Center noong ikasiyam ng Nobyembre 2019.

Rayunin ng patimpalak na mapaunlad hindi lamang ang kaisipan kundi maging ang kahandaan ng emosyon ng bawat kalahok. Isa rin itong fund raising activity na kung saan, bahagi ng pondong malilikom ay mapupunta sa St. Martin Musmos Aralan, isang CSR program ng kooperatiba na nagbibigay ng libreng paaral sa mga mahihirap na batang hindi pa nakakaranas ng pormal na edukasyon.

Nagsilbing mga hurado sa patimpalak na ito sina Bb. Lars Pacheco, Dr. Sheila Marie Mendoza na former Little Ms. TIPID, at G. Dave Eisen Santos. Ang pagdaraos ng Mr. and Ms. TIPID ay bahagi ng 50th Anniversary celebration ng St. Martin Coop at sama-samang itinaguyod ng mga magulang ng mga batang kalahok, Pangasiwaan, Branch Managers at mga kawani ng kooperatiba, mga miyembro at indibidwal na sumuporta, gayundin sa mga bumubuo ng lupon sa patimpalak na ito sa pangunguna ni BM Neneth Ignacio. Congratulations sa lahat ng mga nanalo!

MUSIC VIDEO MAKING CONTEST

Guiguinto National Vocational High School, wagi sa Music Video Making Contest

ALLAN EUGINE S. BAIZA



➤ Ang mga estudyante ng Guiguinto National Vocational High School na nanalo na nagwagi para sa kanilang music video na pinamagatang “Kooperatiba ng Sangkatauhan” kasama sina BM Weng, COO Vangie at CEO Cristy.

Nasungkit ng Guiguinto National Vocational High School ang first prize sa Music Video Making Contest na inilunsad ng St. Martin Coop noong ika-14 ng Agosto 2019. Ang kanilang entry na “Kooperatiba ng Sangkatauhan” ang nangibabaw mula sa 14 na mga sumali. Sa kanilang pagkapanalo, sila ay nagkamit ng P40,000.00 bilang premyo.

Pumangalawa sa kanila ang “Helping Hand” entry ng Wesleyan University-Philippines na sinundan ng “Kaagapay sa Pag-unlad” ng Sto. Domingo National Trade School para sa ikatlong pwesto. Samantala, naiwi naman ng Polytechnic University of the Philippines-Sta. Maria Campus ang Viewers’ Choice Award para sa kanilang entry na pinamagatang “Halika na”.

Ang kanilang entries ay sinuring maigi ng mga hurado na kinabibilangan nina CEO Cristy Naigan, Honey Jane Flores—graduate ng Music Education at kasalukuyang Dean ng College of Education ng Dr. Yanga’s Colleges Inc. (DYCI) at Axl Rose Bataller—Head ng DYCI Multi-media Team.

Sa panayam kay Karl Patrick Nikko Dela Cruz ng Guiguinto National Vocational High School, sinabi niyang “tingnan namin ang mga programs ng St. Martin Coop na napakaganda, kung paanong nakakatulong ang St. Martin sa mga tao at kung paano binubuhay ng St. Martin ang espiritu ng pagtutulungan”.

Rayunin ng patimpalak na ito na pukawin ang kamalayan ng mga kabataan tungkol sa gawaing pang-kooperatiba at sa mahalagang papel nito sa pagpapabuti ng sitwasyon sa buhay ng mga miyembro, gayundin sa naiaambag nito sa pagsusulong ng lokal na pag-unlad. Umaasa ang Pangasiwaan na ito rin ang mag-uudyok sa mga kabataan na maging bahagi ng St. Martin Coop sa hinaharap.

6th Batch ng St. Martin Musmos Aralan, nagsimula na

REGINE DELA CRUZ



CORPORATE SOCIAL RESPONSIBILITY

➤ Ang Batch 6 ng St. Martin Musmos Aralan sa Bunducan, Bocaue, Bulacan bitbit ang kanilang gamit sa pag-aaral na bigay ng St. Martin Coop.

Umarangkada na ang 6th Batch ng St. Martin Musmos Aralan sa Bambang at Bunducan, Bocaue, Bulacan noong ika-14 ng Disyembre 2019. May kabuuang 45 kabataan na pawang walang mga pormal na karanasan sa pag-aaral ang binigyan ng school supplies, personal hygiene kit maging ng libreng uniporme at miryenda.

Bahagi ng Corporate Social Responsibility (CSR) Program ng kooperatiba ang St. Martin Musmos Aralan na naglalayong ipakita ang malasakit nito sa komunidad na kinabibilangan. Ang mga volunteer mentors dito Mga kawani ng kooperatiba kasama ang ilang social worker at mother leader ng barangay na sumailalim sa isang pagsasanay sa pamamatuubay ng Lingap Pangkabataan Inc. noong ikasiyam ng Oktubre 2019 ang mga volunteer mentors ng nasabing programa.

Sa pagtatapos ng 24 learning sessions na isinasagawa tuwing Sabado sa itinakdang lugar ng partner barangay, inaasahan na mapagbubuti ang pakikisalamuha ng mga bata sa isa’t isa, magkakaroon ng simpleng kaalaman sa pagsulat, pagbilang, pagkilala sa iba’t ibang hugis at kulay at marami pang iba.

Samantala, pipili naman ng 10 scholars mula sa kasalukuyang enrollees ng St. Martin Musmos Aralan upang mabigyan ng suportang pinansyal sa ilalim ng Tulong Paaral Kay Musmos Scholarship Program hanggang sa makatapos ang mga ito ng elementarya.

Pamumuno ng mga kabataan sa kooperatiba, inaasahan sa hinaharap

JAYCELYN YNIERE

Dinaluhan ng 763 kinatawan mula sa iba’t ibang kooperatiba at panig ng bansa ang ikalawang Eskwela Kooperatiba (EK) National Conference for the Development of Laboratory and Youth Cooperatives na ginanap noong ika-14 hanggang ika-16 ng Nobyembre 2019 sa Tagaytay International Convention Center, Tagaytay City. Ito ay naisakatuparan sa pagtataguyod ng Imus, Cavite LGU, Cooperative Development Authority (CDA) at ng Imus Cooperative Federation (ICF).

May temang “Children and Youth, the New Face & Next Phase of the Philippine Cooperative Movement,” isinagawa ang 3-day conference na ito upang magkaroon ng mas bukas na isipan ang mga kooperatiba sa pagbibigay ng sapat na kaalamang pinansiyal hindi lamang sa pag-iimpok at pagnenegosyo ngunit maging sa pagpapatakbo o pamumuno ng mga kabataang pinaniniwalaang magiging pag-asa ng kilusang kooperatiba sa hinaharap. Sinimulan ang unang araw ng programa sa isang nagbabagang debate sa pagitan ng Gen. Flaviano Yengko (GFY) Senior High School

at Gen. Juan Castañeda (GJC) Senior High School na kung saan nanalo ang mga kalahok ng GJC sa kanilang pagsulangat sa mosyon na ipatupad ang laboratory cooperatives ngunit hindi wasto na ito lamang ang bigyang prayoridad ng mga kooperatiba. Kasunod nito ay ang pagbibigay ng mga mensahe at pagbati mula sa iba’t ibang sangay ng kooperatiba kasama na ang Chair of Senate Committee on Cooperatives na si Senator Juan Miguel Zubiri.

“Support, engage and embrace,” sabi ni Dulce Bustamante, Presidente ng Local Council for the Protection of Children (LCPC), bilang paghihiyakat sa magandang hangaring financial literacy para sa mga kabataan ng kooperatiba na sinuportahan naman ng mga tagapagsalita mula sa kooperatibang may matagumpay ng Lab Coop gaya ng Watchlife MPC, Iwahori MPC, KITEMPCO, at AIM Coop. Binigyan din ng pagkakataon ang mga kinatawan ng kooperatibang mas makilala ang Eskwela Kooperatiba sa paglalahad ni Marx Nicholai C. Delmo (EK Program Manager) ng kasalukuyang kalagayan, magandang naidudulot

at pamamayagpag ng EK sa lungsod ng Imus na maaari ding pagkuhanan ng ideya at inspirasyon sa pagtataguyod ng Lab Coop ng mga kooperatiba.

Inabangan din sa pangalawang araw ng pagpupulong ang guest speaker na si Mr. Pendi Yusup, Federation President ng KOPINDO Indonesia. “It’s better to light the candle than to curse the darkness,” ayon kay Mr. Yusup. Naniniwala siyang hindi natin dapat tingnan, magreklamo o pabayaang lamang ang mga negatibong kinalalagayan ng mga kabataan sa iba’t ibang bansa. Para sa kanya, kailangan nating umakson at magtulungan upang ang mga kabataan ay magkaroon ng masaganang buhay sa tulong ng maagang pagtuturo ng pamumuno, pag-iimpok, at pagnenegosyo dahil sila ang magiging liwanag sa hinaharap ng kooperatiba at kanilang komunidad.

Labis namang pinagtibay ang hangarin na ito ng NATCCO CEO na si Engr. Sylvia Okinlay-Paraguya at ng mga tagapagsalita sa mga sangay ng kooperatiba gaya ng CDA, Co-op TV, CICLEDO, at PFCCO. Nagkaroon din ng break-out sessions na kung saan, may bukod

© sundan sa pahina 7

Entry ng Cabanatuan, panalo sa Paskuhan sa Barangay Contest

ALLAN EUGINE BAIZA

Pagbibigayan at pagkakaisa, iyan ang diwa ng kapaskuhan na siya ring sumisimbolo sa mga kooperatiba. Noong ikapito ng Nobyembre 2019, inilunsad ng St. Martin Coop ang “Paskuhan sa Barangay: Christmas Tree with Belen Making Contest” na naglalayong isulong ang pagkakaisa at pagtutulungan ng bawat miyembro at kawani ng ating kooperatiba sa kanilang komunidad.

Apat na natatanging Christmas tree mula sa mga sangay ng St. Martin Coop sa Baliuag, San Miguel, Cabanatuan at Guimba ang binisita noong ika-19 at ika-20 ng Disyembre 2019 ng mga hurado na kinabibilangan nina ex-Officio Director Ma. Eloisa Agcaoili, CEO Maria Cristina Naigan at Chief Officer Serafin Celestino, Jr.

Matapos ang masusing pagsiyasat sa mga nasabing entry, nangibabaw ang ginawang Christmas tree ng mga




➤ Ipinagkaloob ni CEO Cristy Naigan ang tseke na nagkakahalaga ng P30,000.00 sa Cabanatuan Branch members para sa kanilang winning entry sa Paskuhan sa Barangay Contest.

saging at dapu, balat at bulaklak ng mais, at iba pang recyclable materials. Naisip din nilang ilagay ang Belen sa loob ng Christmas tree upang ito’y hindi mabasa ng ulan.

Sa panayam kay Aling Elsa, sinabi nito na nagdesisyon silang gumamit ng dahon ng saging, balat at bulaklak ng mais sapagkat wala nang available na palay gawa nang tapos na ang anihan. May napulot din silang mga dahon ng dapu at kanila itong pinunturan bilang dagdag palamuti sa Christmas tree. Nakapukaw

ang mga produkto’t serbisyo nito. Nagkaroon din ng partisipasyon ang barangay sapagkat mismong sa labas ng barangay hall nila naipwesto ang kanilang Christmas tree.

Sa kanilang pagkapanalo, sila ay tumanggap ng P30,000.00 cash prize. Samantala, nakamit naman ng entry ng Baliuag Branch ang pinakamaraming Facebook iikes at sila’y tumanggap ng P5,000.00 bilang papremyo bukod pa sa P5,000.00 na nakalaan sa bawat non-winning entry.



Uri ng liderato mula sa klase ng pagboto

WASTONG PAGBOTO

➤ Gamitin natin nang wasto at naaayon sa tamang pagpili ang kaisa-isa nating boto sapagkat ang uri ng liderato na magkakaroon tayo ay nasa klase ng ating pagboto.

Puspusan na ang paghahanda para sa nalalapit na halalan sa St. Martin Coop. Muli, tayo ay pipili ng mga susunod na mamumuno sa ating kooperatiba. Sa may 50 taon nang pag-iral nito, kami ay naniniwala na naging matatalino na tayo sa pagboto.

Gayunman, pinaaalalahanan pa rin ang bawat isa na suriing mabuti ang bawat kandidato. Tingnan ang kanilang kakayahan, alamin ang kanilang mga nalalaman gayundin ang kanilang integridad at pagkatao. Sa bagay na ito, makatutulong ang pagsusuri sa profile ng mga kandidato sapagkat dito matutunghayan ang kanilang kursong tinapos, organisasyong kinaaniban, parangal na natamo, kasalukuyang hanapbuhay at partisipasyon sa komunidad. Maaari ding pagbatayan ang kanilang aktibong pakikilahok sa mga talakayang kaugnay ng isyung pang-kooperatiba o mga katanungang ibinabato ng

kasapiang sapagkat dito masusukat ang lalim at bigat ng kanilang kaisipan at karanasan.

Busisiin din natin kung sila ba ay may sapat na oras para sa kooperatiba maging ito man ay para sa pagdalo sa regular na pagpupulong o sa anupamang aktibidad na nangangailangan ng kanilang presensya. Alamin natin ang kanilang mga plano o programang nais isulong kung sila ang mananalao at ito’y mapapanood natin sa video clip ng bawat kandidato na ating ipinapalabas tuwing Koopulungan.

Sa lahat ng ito, isa lang ang klaro. Gamitin natin nang wasto at naaayon sa tamang pagpili ang kaisa-isa nating boto sapagkat ang uri ng liderato na magkakaroon tayo ay nasa klase ng ating pagboto.

Ang Cooperative DNA

SERAFIN M. CELESTINO, JR.

High School ako nang una kong ma-encounter ang salitang deoxyribonucleic acid o DNA. Ito ay molecule na naglalaman ng mga panuto na kinakailangan ng isang organism o buhay na nilalang upang sumulong, mabuhay, at magparami. Ang mga panutong ito ay matatagpuan sa loob ng bawat cell at naililipat o naipapamana ng mga magulang sa kanilang mga anak.

Muli kong nadinig ang DNA sa plenary session ng 1st Certified Cooperative Managers Summit na isinagawa ng National Confederation of Cooperatives (NATCCO) sa Hotel Kimberly, Tagaytay City noong ika-29 ng Nobyembre 2019. Panelists dito sina Daisybelle Cabal ng NATCCO, Rosalie Valencia ng VALDECO, Eleonor Dilena ng MEMPCO, Joel Joson ng NEC Multi-purpose Cooperative at ang ating CEO na si Cristy Naigan.

Kawili-wili ang naging takbo ng talakayan. Taglay ang kani-kaniyang karanasan, kasanayan, at kaalaman sa kilusang kooperatiba, ang bawat isa ay nagbigay ng kanilang pananaw ukol sa mga paksang pinag-usapan. Tulad ng iba pang dumalo sa nabanggit na summit, marami akong napulot. May mga bagay akong napagtanto o natutunan at iyon ang nais kong ibahagi sa inyo.

Una, ang kooperatiba, bliang isang organisasyon, ay may buhay. Kailangan itong patuloy na umiral, sumulong at lumago para sa kapakinabangan ng

mga kasapi nito. May mga polisiyang ipinatutupad at mga batas na ipinasusunod upang tiyakin ito. Ang pagkakaroon ng Code of Governance and Ethical Standards, pagtatakda ng COOP-PESOS financial indicators na kung saan nakapaloob ang pagtalima sa statutory reserves, at ang R.A. 11364 na nagpapalakas sa mandato ng Cooperative Development Authority ay ilan sa mga ito.

Ikalawa, kung ang kooperatiba ay may buhay, ano naman ang DNA o mga katangiang dapat taglayin nito? Para kay Ma’am Rosel ng VALDECO, marapat na manatili ang tiwala. “It is a business of trust,” aniya. Ayon naman kay CEO Cristy, ito ay tungkol sa pagkakaroon ng malasakit, pagiging makatao at malikhain. Siya ay naniniwala na taglay na iyon ng mga kooperatiba at naipasa na sa kanila ng kanilang mga pinuno. Marapat din aniyang palaguin ang kooperatiba para sa ikapagpapatuloy nito. Pagpapatatag naman ng relasyon sa mga miyembro ang opinyon ni Sir Joel dito samantalang pagbibigay ng leader ng pagkakataon sa kaniyang mga tao na umunlad para sa ikatatamo ng misyon ng coop ang pananaw ni Ma’am Nor.

Ikatlo, ang bawat nilalang ay may layunin, misyon sa buhay o dahilan ng kanilang patuloy na pag-iral. Walang nilikha na walang pakay o silbi, ‘ika nga. Ang lahat ay may gampanin na kailangang isakatuparan

sa panahon ng kanilang pag-iral. Kung gayon, ano ang misyon ng kooperatiba?

“It is growing their members.” Iyan ang tinuran ni Ma’am Bing Cabal ng NATCCO. Habang lubhang lumaki na ang maraming kooperatiba, marapat din aniyang tingnan kung kasabay bang gumanda ang buhay ng kanilang miyembro. Ang mga serbisyo ba ng kooperatiba ay para sa mga miyembro, tinatangkilik, at suportado ng mga miyembro? Hinimok din niya ang mga kooperatiba na isentro sa pagtulong sa kapwa miyembro at sa pagpapalaki ng institusyon ang paraan ng panghihikayat sa mga gustong sumapi at hindi sa pangako ng mataas na dividend at patronage refund. Gaano man karami ang kanilang mga kasapi, dapat din aniyang kilala natin silang lahat. Alam natin kung ano ang kanilang kailangan at kung sila’y natutulungan sapagkat kung ito ay ating matutugunan, patuloy nilang mamahalin at tatangkilikin ang kooperatiba.

Sadyang makabuluhan, may lalim, at hugot ang kanilang mga tinuran. At nais kong lagumin ang pinakadiwa ng kanilang mga sinabi gamit din ang DNA—na ang cooperative DNA pala ay tumutukoy sa ‘Di Nauubos na Ayuda sa mga miyembro at ‘Di Natatapos na Affection ng mga miyembro sa kooperatiba na magbibigay-daan naman sa ‘Di Natitinag na Asenso para sa lahat.

Ano ang TIMTA?

MELISSA C. TIQUIZ

Isa ang mga kooperatiba sa mga nanganib na matanggalan ng tax exemption noong 2017 nang isapanukala ang ngayong isa nang batas sa ilalim ni Pang. Rodrigo Duterte—ang TRAIN Law o R.A. 10963. Umalma at patuloy na isinulong ng mga kooperatiba ang pagpapanatili ng tax exemption na ito hanggang sa naisabatas na ang TRAIN Law at nanatili ang pagiging tax exempt ng mga kooperatiba.

Matatandaang inaprubahan din noon pang panahon ni Pang. Benigno “Noynoy” Aquino III ang R.A. 10708 o mas kilala bilang “Tax Incentives Management and Transparency Act” (TIMTA). Naglalayon ang batas na ito na tapat na mailahad ang pagbibigay at pamamahala ng tax incentives sa mga RBEs o Registered Business Entities. Kabilang sa mga RBEs ang mga indibidwal, partnership o korporasyon na inorganisa dito sa bansa at nasasakop ng ating batas. Hangad ng TIMTA na matulungan ang gobyerno na masubaybayan at masuri ang epekto ng mga insentibong ito sa ekonomya. Para sa mga kooperatiba, ang pagiging tax exempt nito ang tax incentive na kanilang natatamasa. Sa tuluyang pagpapatupad ng batas na ito, inaasahang mahihikayat natin ang mga investors na higit pang mamuhunan at magdala ng kanilang negosyo dito sa ating bansa na maghahatid ng mas maraming oportunidad at trabaho.

Ayon sa R.A. 10708, kinakailangang mag-file ng kanilang tax returns at magbayad ng kanilang tax liabilities sa Bureau of Internal Revenue (BIR) sa pamamagitan ng electronic Filing and Payment System (eFPS) ang mga RBEs na nakatanggap ng insentibong ito. Kaakibat nito ang pagpapasa nila ng Annual Tax Incentives Report kung saang Investment Promotion Agencies (IPAs) sila kabilang gaya na lamang ng Board of Investments (BOI), Philippine Economic Zone Authority (PEZA), Bases Conversion and Development Authority (BCDA) at marami pang iba. Samantala, ang BIR at Bureau of Customs (BOC) naman ang susubaybay at magpapasa sa Department of Finance (DOF) ng mga insentibong ito ng RBEs mula sa mga Income Tax Returns (ITRs) at import entries na ipinasa sa kanila ng mga ito. Ang DOF naman ang siyang mangangalaga at magsusuri sa Single Database ng mga tax incentives. Ipapasa rin ng DOF sa Department of Budget and Management (DBM) ang kabuuang datos ng: (1) aktuwal na halaga ng insentibong natanggap ng mga RBEs; (2) tinatayang halaga ng naipamahaging insentibo noong nakaraang taon at (3) sa kasalukuyang taon; at (4) tinatayang halaga ng insentibong ipamamahagi sa susunod na taon. Isasama ito ng DBM sa kanilang Annual Budget of Expenditures and Sources of Financing report at ipapasa sa Joint Congressional Committee na siyang nangangasiwa sa tamang pagpapatupad ng batas na ito. Maaaring magbayad ng multa na nagkakahalaga ng P100,000.00 hanggang P500,000.00 o pagkansela ng kanilang rehistro ang sinumang lumabag sa nasabing batas.

Alinsunod sa batas na ito, naglabas na ang Cooperative Development Authority (CDA) ng Memorandum Circular 2019-06 na naglalaman ng paraan ng pagpapasa ng Annual Tax Incentive Report ng mga kooperatiba na rehistrado sa CDA at nabigyan ng Certificate of Tax Exemption (CTE). Sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusang ito, nais ng mga kooperatiba na mapatunayan na karapat-dapat silang pagkalooban ng tax exemption dahil sa layunin nitong mapaunlad ang buhay ng kanilang mga kamay-ari at ng komunidad na kanilang kinabibilangan.

Isang Miyembro, Isang Boto

MIKAELA DJOHAIDA C. MARTINEZ

Ang kooperatiba ay itinuturing bilang isang demokratikong samahan. Taliwas sa nakasanayang paniniwala na ang kapangyarihan ng isang tao ay nakabase sa yaman at dami ng kaniyang ambag sa lipunan, ang kooperatiba ay may sinusunod na patakaran na ang mga kasapi ay may patas na karapatan.

Ang prinsipyo ng Democratic Member Control ay kilala sa tawag na “One Member, One Vote,” na kung saan ang bawat isang kasapi ng kooperatiba ay binibigyan ng laya upang magkaroon ng boses sa mga

talakayan na makakaapekto sa buong samahan. Hindi tinitignan ng polisiyang ito ang kakayanan mo sa buhay, bagkus, ang bawat miyembro ay aktibong nakikilahok sa mungkahi at mga desisyon upang magbahagi ng kani-kaniyang opinyon at paniniwal ukol sa anumang isyu. Dito rin nasusukat ang pagiging totoo at tapat ng mga kasapi dahil dito nakasalalay ang buhay ng buong kooperatiba.

Ang bawat kooperatiba ay may isinasagawang mga pagpupulong para matugunan ang interes ng mga kamay-ari. Sa ganitong paraan, nararamdaman

ng bawat kasapi na sila ay pinahalalagahan ng samahan. Upang mapanatili ang maayos na takbo ng isang kooperatiba, sa mga pagpupulong din na ito nagaganap ang botohan upang magluklok ng mga kinatawan na siyang magiging gabay at mangunguna hindi lamang sa mga susunod pang talakayan kundi maging sa pagsusulong ng mga polisiyang higit pang makapagpapatubi sa operasyon nito at mga napapanahong produkto at benepisyon pangkasapiang na akma sa kanilang pangangailangan.

USAPANG LEGAL

Lost and Found

ARNEL M. PALON

Ano ang marapat mong gawin kung sa isang pagkakataon ay makapulot ka ng isang bagay na mahalaga subalit walang pagkakakilanlan ng may-ari nito? Halimabawa ay isang pitaka na may lamang P10,000.00? Ito ba ay awtomatikong sa iyo na? Alamin natin ang sinasabi ng batas sa bagay na ito.

Sa artikulo 719 at 720 ng Kodigo Sibil ng Pilipinas, ito ang sinasabi:

“Article 719. Whoever finds a movable, which is not a treasure, must return it to its previous possessor. If the latter is unknown, the finder shall immediately deposit it with the mayor of the city or municipality where the finding has taken place.”

“The finding shall be publicly announced by the

mayor for two consecutive weeks in the way he deems best.”

xxx

“Six months from the publication having elapsed without the owner having appeared, the thing found, or its value, shall be awarded to the finder. The finder and the owner shall be obliged as the case may be, to reimburse the expenses.”

“Article 720. If the owner should appear in time, he shall be obliged to pay, as a reward to the finder, one-tenth of the sum or the price of the thing found.”

Samakatuwid, kung ikaw ay nakapulot ng isang pitaka na naglalaman ng P10,000.00, marapat lamang na isauli ito sa may-ari. Samantalang obligado naman

ang may-ari na bigyan ka ng gantimpala na katumbas ng sampung bahagi ng halaga ng nilalaman nito.

Samantala, kung wala naming pagkakakilanlan ang pitakang napulot mo, ang tamang gawin ay ideposito ang nasabing pitaka sa “Mayor” ng lugar kung saan ito napulot. Tungkulin naman ng “Mayor” na i-anunsiyo na may natagpuang pitaka sa loob ng dalawang magkasunod na linggo sa paraang alam niya na pinakainam. Kung matapos ang anim na buwan at walang nag-angkin ng napulot na pitak, ito ay ibibigay na sa iyo bilang gantimpala. Gayunpaman, iyong babayaran ang mga nagastos dito.

PROFILES

sandiwa. Hulyo–Disyembre 2019
5

Sa isyung ito ng SANDIWA, ating kilalanin ang ilan sa mga halal na pinuno ng ating kooperatiba. Tunghayan ang mga kuwento ng kanilang buhay at humugot ng inspirasyon mula dito.

Dr. Irma E. Cruz

CHAIRPERSON, BOARD OF DIRECTORS

Ni: Regine dela Cruz

Bunso sa 10 magkakapatid, si Dr. Irma E. Cruz ay anak nina Edilberto Esguerra at Felicidad San Pedro ng Sulucan, Bocaue, Bulacan. Siya ay 57 taong gulang at kasal kay Laureno “Larry” Cruz na nanunungkulan bilang Director IV Administrative Services ng Department of Health. Sa kanilang 36 na taong pagsasama, sila ay nabiyayaan ng apat na anak—sina April na isang kapitan ng barangay, Ara na isang physician, Gelo na isang auditor at Arvey na isang administrative officer.

Bata pa lamang si Irma ay kinakitaan na ng angking sipag at dedikasyon sa pag-aaral. Hindi masagana ang pamumuhay ng kanilang pamilya kung kaya’t kinailangan niyang maghanapbuhay upang matustusan ang kanyang pag-aaral. Ang butihin niyang mga magulang ang nagpasimula ng Nory’s Restaurant, isang kilalang pansitan sa Bocaue, na kung saan siya nagtitinda tuwing gabi. Bilang pantulong sa mabigat na pasanin ng kanyang mga magulang, nag-apply siya ng scholarship para makapag-aral sa kolehiyo. Kumuha siya ng kursong Dentistry sa Manila Central University (MCU) at nang siya ay makatapos, naipasa niya ang licensure exam for dentists noong 1982.

Sa kasalukuyan, siya ang school dentist ng St. Paul College of Bocaue at may sarili na din siyang dental clinic. Siya ay kasapi ng Philippine Dental Association at Kapisanan ng mga Dentista sa Bulacan. Sa kabila ng pagiging abala niya sa mga gawaing pang-komunidad, aktibo rin si Irma sa mga aktibidad na pangsimbahan

ng St. Martin of Tours Parish. Sa katunayan, siya ay naging pangulo ng Social Action Committee ng parokya at kasalukuyang Chairperson ng Parish Pastoral Council (PPC).

Bukod sa pagiging dentista ay isa ring matagumpay na entrepreneur si Irma. Siya ay may sariling catering services—ang Clics Catering. Click na click nga ito sa madla dahil sa masasarap na putaheng kanilang inihahanda gayundin ang kanilang mahusay na pagseserbisyo.

Isa pa sa kanyang mga nakamit sa buhay ay nang mahirang siya bilang BOD Chairperson ng St. Martin Coop sa kasalukuyan. Hindi matatawaran ang kanyang karanasan sa kooperatiba sapagkat sa loob ng may 13 taon niyang paglilingkod, naging miyembro din siya ng Credit Committee at ng Board of Directors sa mahabang panahon.

Tunay nga, si Chairperson Irma E. Cruz ay isang huwaran at larawan ng kasipagan at tapat na paglilingkod hindi lang sa pamilya kundi maging sa komunidad na kanyang kinabibilangan. Kahanga-hanga ang mga nakamit niya sa buhay. Hindi naging hadlang ang mga dinanas niyang hira upang hindi magpatuloy sa landas ng buhay.



Israel O. Crisostomo

CHAIRPERSON, ETHICS COMMITTEE

Ni: Melissa C. Tiquiz

“Do more of what makes you happy”, ‘yan ang mga katagang tumatak sa isipan ni Israel Crisostomo na naging inspirasyon niya upang makapagpatuloy sa buhay. Siya ay 56 taong gulang na, kumuha ng kursong BS Accountancy at nagtapos ng Masters in Public Management and Governance sa Universidad De Manila. Kasalukuyan siyang Market Supervisor IV ng LGU-Manila. Naninirahan siya sa Lolomboy, Bocaue at aminadong mahilig sa mga hayop, pagkain, kalikasan at higit sa lahat ay sa musika.

Sa katunayan, naging miyembro siya ng Manila City Chorale noon pa mang taong 1987 hanggang sa kasalukuyan. Miyembro din siya ng United Church of

the Philippines, Malolos Chancel Choir at dati na ring naging clerk sa Quedan Guarantee Fund at Vice-Chairperson ng Audit Committee ng St. Martin Coop. Mahilig din siyang maglaro ng basketball, bowling at volleyball.

Siya ay 30 taon ng kasal kay Editha Crisostomo at sila’y nagkaroon ng dalawang anak na sina Margaret at Mikhail Konrad. Paborito nilang mamasyal sa mga malls, kumain sa mga restaurants at magpunta sa iba’t ibang lugar dito sa Pilipinas maging sa ibang bansa man. Ayon sa kanya, tinanggap niya ang pagiging Chairperson ng Ethics Committee bilang pasasalamat at pagtanaw ng utang na loob sapagkat nakamtan niya ang kanyang unang bahay at lupa sa pamamagitan ng St. Martin.

Elenita D.C. Nicolas

CHAIRPERSON, AUDIT COMMITTEE

Si Elenita D.C. Nicolas, mas kilala sa tawag na “Ellen” sa kanyang mga kaibigan at kakilala, ay ipinanganak sa Bocaue, Bulacan noong ikalawa ng Pebrero 1979. Siya ay nagtapos ng kursong BS Commerce major in Banking and Finance sa Far Eastern University noong taong 1999. Dalawang taon nang nanilbihan bilang miyembro ng Audit Committee ng St. Martin Coop, muli siyang nahalal at ngayon, siya ang kasalukuyang Chairperson ng nasabing lupon.

Seryoso sa kanyang tungkulin, itinuturing ni Ellen na may mahalagang gampanin sa kooperatiba ang lupon na kanyang pinamumunuan. Para sa kanya, tungkulin ng Audit Committee na tiyaking nasusunod at maayos na naipatutupad ang mga umiiral na polisiya at batas pang-kooperatiba, alamin ang mga areas for improvement at magbigay ng mga rekomendasyon sa Pangasiwaan at BOD para sa higit pang ikabubuti ng operasyon nito.

Hindi lamang pirming nakabantay sa anumang pagkakamali o pagkukulang, lagi rin aniyang handa ang Audit Committee na kilalanin at bigyan ng komendasyon ang pagsisikap ng branches at support departments na may 100% compliance sa iba’t ibang aspeto ng operasyon ng kooperatiba.

Nang tanungin ukol sa naging epekto sa kanyang buhay ng kanyang bagong posisyon sa kooperatiba, ito ang kanyang sinabi: “It helps me conquer my fear sa pagtayo at pagsasalita sa entablado. Mas marami akong nakilala at naging kaibigan, nagkaroon ng bagong tahanan at bagong pamilya.”

Sa kabila ng kanyang pagiging abala sa kooperatiba, sinisiguro din ni Ellen na siya’y may oras sa kanyang anak na si Red at lagi siyang naroon sa sandaling kailanganin siya nito. Bagama’t malayo ang kanyang asawang si Benjamin, sinambit ni Ellen na ang patuloy na pang-unawa, pagtitiwala, pagmamahal at komunikasyon ang siyang mahigpit na nagbibigkis sa kanilang dalawa.



Evelyn D. delos Reyes

CHAIRPERSON, ELECTION COMMITTEE

Ni: Regine dela Cruz


Si Evelyn D. delos Reyes, 56 taong gulang ay nagmula sa Duhat, Bocaue, Bulacan. Siya ay anak nina Amador at Victoria Diaz. Panlabing-dalawa siya sa 14 na magkakapatid. Payak lamang ang kanilang pamumuhay. Ang kanyang mga magulang ay pawang pagsasaka ang pinagkakakitaan na siyang nagtaguyod sa kanilang pang-araw-araw na gastusin.

Sa hira upang buhay, ang kanyang kapatid na si Benny Diaz ang umako sa pagtustos sa kanyang pag-aaral sa kolehiyo. Sa tulong nito, nakapagtapos siya ng Bachelor of Science in Midwifery sa Dr. Yanga’s Colleges Inc. Pumasok sa isip niya na makipagsapalaran sa ibang bansa ngunit hindi ito natuloy sapagkat nakilala niya ang kanyang butihing asawa na si Rogelio Delos Reyes Jr., isang seaman. Sila ay nabigyan ng tatlong anak—si Charles Janssen na nagtapos ng B.S. Marine Transportation, si Ma. Juvylyn na isang high school teacher at si Jeroven na isang Marine Engineer.

Sa kasalukuyan, siya ay namamasukan sa Munisipyo ng Bocaue bilang Municipal Population Program Worker II. Siya rin ay aktibong miyembro ng Daughters of Mary Immaculate International ng St. Martin of Tours Parish Bocaue na kung saan, siya ay Regent o Presidente nito. Siya rin ngayon ang Bise-Presidente ng League of Municipal and Provincial Population Offices.

Bukod sa pagiging abala sa iba’t ibang organisasyong pang-simbahan at pang-komunidad, siya din ay naninilbihan bilang Chairperson ng Election Committee ng St. Martin Coop. Nakakatatlong termino na siya bilang miyembro ng naturang lupon. Sa kanyang sipag at dedikasyon, maayos na naidaraos ang electronic election sa ating kooperatiba.

Mahilig mag-alaga ng mga aso at pusa si Evelyn. Sa katunayan, anim ang kanilang mga aso at mayroon silang walong mga pusa. Kung walang pasok at may libreng oras, ginugugol niya ang kanyang panahon sa panunuod ng paborito niyang programa sa telebisyon o dili kaya’y pamamasyal kapiling ang kanyang pamilya.





St. Martin Coop at DA, hinasa ang kasanayan sa pagtatanim ng mga magsasaka

FERDINAND G. TUAZON

Upang makatulong sa mga kasaping magsasaka ng St. Martin Coop sa Cabanatuan, Guimba at San Miguel, isinagawa ang Seminar on Good Agricultural Practices on Rice sa pakikipagtulungan ng Department of Agriculture (DA) Regional at Provincial Offices nitong ika-18 ng Oktubre 2019 sa Cabanatuan Agri-training Office. Layon ng nasabing pagsasanay na maging mataas ang kalidad at ligtas ang mga produktong agrikultura.

Nahikayat ng kooperatibang dumalo ang 44 kasaping magsasaka mula sa Cabanatuan at Guimba upang makinig sa mga panauhing tagapagsalita at matutunan ang mga panibagong hamon ng buhay magsasaka. Sinundan ito ng isa pang serye ng training sa magsasakang kasapi buhat sa San Miguel, Bulacan noong Nobyembre 20, 2019 na nilahukan naman ng 52 magsasaka.

GOOD AGRICULTURAL PRACTICES ON RICE

- Seryosong usapan ang pagpapabuti sa kalidad at dami ng ani na tinalakay ni Angel Tulabot, Nat'l GAP Inspector ng DA sa mga miyembrong magsasaka ng St. Martin Coop sa San Miguel, Bulacan.

Hindi lingid sa kaalaman ng lahat na may bagong batas na umiiral sa bansa at ito ay ang R.A. 11203 or Rice Tariffication Law. Ang batas na ito ay nagbigay daan tungo sa pagbubukas ng pintuan para sa rice importation na karaniwan ay nagmumula sa ating ASEAN neighbors, kung kaya't ito ay naging isang hamon sa ating magsasaka upang mapabuti ang pagsasagawa ng maayos na pagtatanim at pangangalaga ng palay. Dahil dito, lubhang napapanahon ang isinagawang pagsasanay sa mga kasapi ng St. Martin Coop at lubos ang kanilang pasasalamat na matutunan ang mga tamang sistema sa pagsasaka upang tayo ay makapantay o mahigitan pa ang mga good quality produce na hatid ng kakumpitensyang mga bansa.

Tiniyak ng DA Regional Office na patuloy na magbibigay suporta ang kanilang tanggapan para sa ikauunlad ng mga magsasaka na nasasakupan ng St. Martin Coop.

GOVERNMENT SUPPORT

- Tiniyak ni Gov. Daniel Fernando ang patuloy na suporta ng Pamahalaang Panlalawigan sa kilusang kooperatiba.

FRANCIS JOHN C. ESPINOSA

Ang panimulang aktibidad ng Buwan ng Kooperatiba ay ginanap noong ikaisa ng Oktubre 2019 sa Bulacan Capitol Gym. Dito nagtipon-tipon ang lahat ng kinatawan ng mga kooperatiba sa lalawigan matapos ang cooperative parade. Nagpaabot ng pagbati ang ilang pinuno ng pamahalaang panlalawigan kasama ang Cooperative Development Authority (CDA) sa lahat ng dumalo.

Ang mensahe ni CDA Region III Director Marietta Hwang ay nakatuon sa pambansa at panlalawigang tema ng okasyon. Ipinaliwanag niya na ang ibig lamang sabihin ng temang nasyunal ay kooperatiba ang maaaring gamitin na pansanggalang sa lahat ng balakid sa buhay sapagkat masasandalan ito at magkakaroon ng tunay na pagbabago. Samantala, ang nais namang iparating ng panlalawigang tema ay bahagi ng kulturang Bulakenyo ang pagtutulungan at kooperatibismo kung kaya't naging maunlad at matatag ang Bulacan. Umaasa rin siya na sana'y mapagtanto ng lahat ng dumalo na ginagawa nila ang pagdiriwang ng Buwan ng Kooperatiba upang bigyang-sigla ang kilusan, gisingin ang iba pang hindi nakakaunawa sa kooperatiba at makita ng lahat na ang kilusang kooperatiba ang buhay sa lalawigan dahil ito ay nakakapag-ambag sa paglago ng ekonomiya. Hinimok niya ang lahat na kanilang ipakita na hindi sila nagkamali ng organisasyong inaniban, tama ang kanilang napuntahan at tama ang direksyon ng kanilang samahan.

Ibalalita rin niya na nilagdaan ng Pangulo noong Agosto 2019 ang R.A. 11364 na naglalayong palakasin at ireorganisa ang CDA. Mula 15, naging 37 na ang functions ng CDA kasama na ang pagkakaroon ng kapangyarihang ipatupad ang quasi-judicial function nito na nagbibigay



Pagkakaisa, pagtutulungan at kooperatibismo, umangat sa pagdiriwang ng Buwan ng Kooperatiba

mandato sa kanila na magtanggap, magsuspindi ng mga opisyal ng kooperatiba na napatunayang hindi gumagawa ng maganda. Hindi aniya siya nananakot kundi binibigyang-diin lamang niya na may maaari nang gawin ang CDA kapag hindi tama ang ginagawa ng mga namumuno sa kooperatiba.

Samantala, inanunsyo ni Vice-Governor Wilhelmino Alvarado na nakatalaga na sa Bulacan ang pagiging Cooperative Capital ng bansa at ito ay dahil na rin sa mga kooperatibang naroon. Pormal na deklarasyon na

lang ng Kongreso at ng Pangulo ang kailangan upang ito ay maisakatuparan. Idinagdag pa niya na ang tunay na kaunlaran ay iyong dulot ng pagkakaisa ng mga manggagawa at maliliit na mamamayan na nagsama-sama at ito aniya ang ginagawa ng mga kooperatiba sa Bulacan.

Sa kabilang dako, sinabi naman ni Gov. Daniel R. Fernando na sa kilusang kooperatiba, ang pagtulong sa kapwa ay isang obligasyong moral at ang katarungang panlipunan ay para sa lahat na siyang pinagbabatayan

ng mga prinsipyo ng kilusang kooperatiba gaya ng itinatadhana ng Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas.

Makaraan ang panimulang programa, idinaos na ang Kooplympics na sinalihan ng mga kinatawan mula sa iba't ibang kooperatiba. At sa kaugnay na balita, nakiisa rin ang St. Martin Coop sa idinaos na Agrilympics sa Palayan City Convention Center noong ika-18 ng Oktubre 2019 na kung saan, 11 kabataang kawani ang ipinadala dito.



KILUSANG KOOPERATIBA

- Aktibong nakikilahok at nagbabahagi ng kaalaman ang mga dumalo sa lakbay-aral ng CCDC Coordinating Council.

St. Martin Coop, 2nd Runner-up sa Bowling Tournament

JAYCELYN YNIERE

Muling ipinamalas ng mga piling kawani at opisyal ng St. Martin Coop ang kanilang galing nang sila ay sumabak sa Hall of Fame Duckpin Bowling Tournament na ginanap sa Grotto Vista Bowling Center sa San Jose del Monte City, Bulacan noong ika-19 ng Setyembre 2019. Sa labing anim (16) na Bulacan coops na lumahok, nakamit ng St. Martin Coop ang 2nd Runner-up na kung saan ang mga manlalaro nito ay kinabibilangan nina Director Danny Esteban, Roman Reyes Jr., Ding Tuazon, Arnel Palon, Herbert Porciuncula, Tet Talucod, Jaja Geronimo, Ellen dela Cruz, Rizza Cervantes at Sannie Aurelio.

Patuloy na sinusuportahan ng St. Martin Coop ang sportsfest na nabanggit gayundin ang iba pang palaro na taunang isinasagawa ng Bulacan Cooperative Hall of Fame League Union. Ito ay upang itaguyod na din ng pagkakaroon at pagpapanatili ng malusog na pangangatawan at kaisipan.

Caloocan City Cooperative Development and Coordinating Council, naglakbay-aral sa St. Martin Coop

JAYCELYN YNIERE

Ika-20 ng Agosto 2019, buong karangalang pinaunlakan ng St. Martin Coop ang Caloocan City Cooperative Development and Coordinating Council (CCDC) para sa kanilang lakbay-aral. Ang CCDC ay samahan ng iba't ibang mga kooperatiba sa Caloocan City na ginagabayan ng CCDC Coordinating Council ng naturang siyudad sa magandang adhikain ng kilusang kooperatiba sa kanilang bayan.

Bilang parte ng misyon ng St. Martin Coop, ibinahagi nito ang mga serbisyo at napag-aralang mga estratehiya na makakatulong sa ibang mga kooperatiba upang higit pang mapagbuti ang pagtulong sa kanilang mga kasapi

at komunidad. Ang CCDC ay nagkaroon ng pagkakataon na magbahagi rin ng kanilang mga karanasan na maaaring magamit ng St. Martin Coop sa patuloy nitong paglago. Nagkaroon din ng open forum na kung saan nakapagtanong ang mga kinatawan ng CCDC sa Top Management ng St. Martin Coop sa mga maaaring maging suhestiyon sa mga hinaharap na balakid ng kanilang kooperatiba.

Sa 50 taon na paglilingkod ng St. Martin Coop sa mga kamay-ari, patuloy pa rin itong naniniwala na malaki pa ang magagawa at maiaambag ng kilusang kooperatiba sa ating bansa sa pamamagitan ng pagtutulungan at pagkakaisa ng maliliit man o malalaki nang kooperatiba.



- Ang koponan sa bowling ng St. Martin Coop na itinanghal na 2nd Runner Up sa Hall of Fame Duckpin Bowling Tournament.

Dormant ka ba?

Kabilang ang St. Martin Coop sa mga institusyong nagpapatupad at nag-aawas ng dormancy fee sa mga deposit accounts na Associate Savings, St. Martin Cares Savings (SMCS), at TIPID Savings sa tuwing sumailalim na ito sa estadong dormant. Masasabing dormant ang isang account sakaling dalawang taon na wala itong paggalaw sa paraang pagdedeposito o pagwi-withdraw. Hinihikayat ang lahat ng may mga nabanggit na accounts na magsadya sa ating tanggapan para mag-update upang hindi mabawasan ng dormancy fee na P30.00 kada buwan para sa Associate Savings at SMCS at P20.00 para sa TIPID Savings. Magpapatuloy ang pagbabawas ng dormancy fee hangga’t hindi pinapa-reactivate ang dormant savings account.

POBLACION	PULO	BY: RENALYNE G. VILLAFANE
10717651738 DELA CRUZ, REGINE S.	14717624606 MIÑON, MARICAR R.	18713115249 DE GUZMAN, JELYNE MARY S.
10717649779 MACARIO, SAMANTHA NICOLE D.	14712573963 AVELLANO, MAUREEN FAYE B.	BY: JENALYNE DE GUZMAN
BY: AMY MILA ROSA MACARIO	BY: AVELLANO, MYLENE B.	
10717651598 ORTEGA, GELLO MICO C.	14716619944 GALONA, KABAYAN M.	ORANI
BY: ORTEGA, MA. IRMA C.	BY: GALONA, JOHN NOLI G.	19717008539 CABRAL, VERNICA MAE V.
10717651163 AMAR, AARON JAMES V.	14709021100 GOSILATAR, JERICK A.	19714003506 SAN AGUSTIN, ARLYN O.
BY: AMAR, MARY JOY V.	14705008914 HERNANDEZ, JAHMIRE ANDREI	19717008052 PANGILINAN, RIZALINA A.
10716635812 DELA CRUZ, FRANCIS DANIEL R.	BY: HERNANDEZ, ROSALIA	19716007597 MALATE, MARILENE R.
10713581848 DELA CRUZ, IMELDA G.	14717624651 CORTEZ, CAIRIES NICOLE M.	19716007755 GUILLERMO, YESHA LORRIN L.
BY: CO, TERESITA L.	14717624660 DELA ROSA, REINALYN G.	BY DUREZA L. GUILLERMO
10717643483 DOLAR, CRIZEL D.	14717624679 SARGENTO, ALTHEA B.	19717008724 BERSAMINA, EVANGELINE L.
10717652667 GURAY, CRISELLE V.	BY: SARGENTO, ALMA B.	19715004496 BALTAZAR, ANALIZA C.
BY: TOLENTINO, MA. THERESA V.	14717621326 JAZMIN, CHRISTINE JOAN A.	19716007773 SARTE, FE Q.
10717652621 FLAVIANO, AIRENE B.	14717624767 SILO, LADY DIMPLE J.	19716005997 ABULENCIA, LED CIANTEAL A.
10717646091 FELICIANO, CATHERINE N.	14717624758 SINCHIOCO, ALMARIE KIM V.	BY: LEAH ABULENCIA
10712555305 FELICIANO, CHARLES IAN N.	14716619926 FLORES, MA. ISABEL G.	19716008000 BATALLA, ALLAN O.
BY: FELICIANO, CATHERINE	14717624776 BARCOMA, ANGELICA JOY R.	19717008593 CARABEO, ABE-ANN-ROSE E.
		BY: CRISTINA E. CARABEO
BUNLO	SAN MIGUEL	19716006172 ESPINO, AMELIA M.
11717201259 MENDOZA, KATLYN FAITH	16717088501 INGAL, ANN MARGAERT Y.	19716006543 CAPULI, MARIVIC B.
BY: LOPEZ, MARIZ M.	16717088538 DEL ROSARIO, MARIAN P.	19717009404 ESPANOLA, CHRISTOPHER I.
11717201338 MAJESTRADO, FREDERICK M.	16715084884 ENSELA, MICHAEL R.	19717009592 ROQUE, GINA N.
BY: LOPEZ, MARIZ M.	16707003908 SALVADOR, EVITA LYNN S.	19716005951 AMBROCIO, LESLIE O.
11715164875 FERNAN, ANGELINA MARIE I.	16707003912 SALVADOR, LOUIS VINCENT S.	19717009750 SAUSE, JEAN PAULINE
BY: GINABEL I. FERNAN	16707003950 FORTUNO, JERR LOUIE S.	19717009875 BAUTISTA, EVANGELINE D.
11717201295 GUILLEMER, ANDREA C.	16717088732 CULJANAN, JASMINE B.	19717008593 DE CASTRO, ISRAELITA C.
BY: JANICE GUILLEMER	16714083480 YAMBOT, MONIQUE C.	
11717202832 BRILLANTE, FREDZELL ZION G.	16717088130 FIGUEROA, RAYMART D.	MEYCAUAYAN
BY: BRILLANTE, LILET G.	16713082271 VELAYO, NATHANIEL	20717024834 CASAJE, ANA MARIE P.
11705064187 CAMPANERO, JOCELYN	BY: PRISCILLA FLORES	20717024816 GUNDA, NICOLE ANDREI A.
11716182762 MARQUEZ, JILLIANE S.	16712080230 SANTOS, PRECIOUS FAITH S.	20715018875 SALOMON, RONILLO S.P.
BY: MARQUEZ, MARIA ARLENE S.	BY: JENELYN SEBASTIAN	AND CRUZ, JESUSA P.
11702018270 SANTOS, LUZVIMINDA P.	16713082262 PAGUIO, JONA LEEN E.	ADRIANO, ROMIL S.
11706071634 DELA CRUZ, MARISSA D.	BY: PRISCILLA S. FLORES	20717024047 CUCIO, RODERICK D.
11717196805 FERRER, MARY JANE D.	16707003317 DOMAGTOY, LIAN J.	20717025277 RAYNALDO, JODIETA M.
11713138539 CALDERON, JOHN ERIC R.	16717088796 HERNANDEZ, LEONORA C.	20715018103 ORELLANO, JESSICA N.
BY: CALDERON, PILAR R.	16717088918 MANANSALA, VIVIAN M.	AND/OR JOEY CASTILLO
	16717087885 OQUINE, JOAN S.	20712012621 PELEGRINO, EZEKIEL G.
TAAL	16717088963 BARRIOS, PAUL R.	20717023604 BARONIA, GEMIE R.
12715098298 ANDRES, GLADYS E.	16715085078 DE LEON, JOSHUA MARJEF D.	20717024214 GALIBO, JACKELINE B.
12717120175 CAÑETE, JEZZLYNE SHANE S.		20717024533 JOCSON, SUSANA S.
BY: CAÑETE, JERSON	CABANATUAN	20716020266 REQUIOMA, EDGARDO C.
12713090344 CASTILLO, REGINA M.	17717191275 TIAMSON, JOHN FRANCIS S.	
12717120315 REYES, ARTHUR JOHN M.	17716190622 CAPUZ, RANDY M.	STA. MARIA
BY: REYES, JANETH	17715180123 TORRE, ARLENE JOY L.	21717003113 SIASICO, ORLANDO V.
12704031027 SULIT, JOY G.	17717192450 SAN GABRIEL, DEMIE G.	21717003229 DOMANICO, JOHN RAIN L.
12715097730 BATALLA, MELENCIO JR. G.	17711169414 LARIN, JOHN LERRY A.	BY: VANGIELYN CASTILLO
12711077358 ALBACINO JR., FERNANDO F.	17715180859 ESMERO, MICHELLE N.	21717003201 DOMANICO, JUSTINE L.
BY:ALBACINO, LAIRY	17716189194 CAPE, JENELYN J.	BY: VANGIELYN CASTILLO
12712082223 GERVACIO, JOHN CARLO C.	BY: JUMAMOY, LOURDES B.	21717003283 RIVERA, MYRA M.
BY: CRISTOBAL, ANNA MARIE	17717192256 TALADRO, ELARDE D.	21717003371 SAN DIEGO, ASHLEY VENICE D.
12717120087 PASCUAL, ANALYSSE ERICAH C.	17714176105 AGTUCA, DONATA D.	BY: BENILDA ALBERTO
BY: PASCUAL, ANNALISA	17710005233 MANABAT, MACARIO M.	21717003353 ALBERTO, GRACIELLA FAITH P.
12712084425 REYES, LORENA T.	17715180752 DEJOMO, MILAGROS M.	BY: BENILDA ALBERTO
BY: REYES, LAUREANE JR. T.	17715187214 TRIDANIO, MICHELLE S.	21717001665 NOVENARIO, NEIL MICHELLE M.
12711079806 BACOVY, RESLYN C.	17713173794 NOLASCO, REAGAN B.	BY: MARITES M. NOVENARIO
12717118338 CHICO, PRINCE GABRIEL D.	17716189042 GARCIA, OFALYN J.	21717003441 INGAL, PAULEEN KYLA H.
BY: CHICO, ALMA	17714177885 LOURDES FARMERS ASSOCIATION	BY: MARIA ASUNCION DELA RAMA
12717119920 PRUDENCIADO, ELISER M.		21717003423 DELA RAMA, REIGNE DAPHNE H.
OR QUITANIG, RAQUEL	BALIUAG	BY: MARIA ASUNCION DELA RAMA
12717120704 DELA CRUZ, JOSUA D.	18717135898 ROSALES, MARILYN B.	21717003414 DELA RAMA, RENCY DANIELLE H.
	18715123011 VILLAFANE, RAYMOND RAILLEY G.	BY: MARIA ASUNCION DELA RAMA

List of Winners

BASTA UPDATED KA, KASALI KA SA RAFFLE PROMO

August	JEAN C. BILANGO	17113456045	500.00
	JOCELYN M. GALINDEZ	10105196831	500.00
	LOURDES R. GUTIERREZ	12193026470	500.00
	ALFREDO B. SANGALANG	11195115683	500.00
	LOIDA Q. SELLOTE	10118715873	500.00
	GLORIA A. SILVESTRE	12193095630	500.00
	CHRIZEL D. VICTORINO	18118709360	500.00
	GLORIA L. DAZO	11106209777	1,000.00
September	RODELIO M. DELA CRUZ	11115556001	500.00
	MARCOS M. FRANCISCO	11193103690	500.00
	ROSARIO D. VILLALON	11110335421	500.00
	ALVIN A. DOMINGO	17110335230	500.00
	MARVERT D. LAPEÑA	14118741999	500.00
	JOSEPHINE C. LOPEZ	14117655622	500.00
	MARICEL A. SANCHEZ	18112438053	500.00
	MARIEBIE B. MATURINGAN	15109044628	500.00
	FRANCIA C. SANTOS	12119746780	1,000.00
	JAY ANN M. ANDRES	10116578579	1,000.00
October	JENNY VI MAE M. RODRIGUEZ	15118683922	500.00
	NENITA N. PARULAN	10193044240	500.00
	RONIE S. CARREON	17119764985	500.00
	ANA MARIA M. FELIZARDO	10193036810	500.00
	MICHAEL ANGELO TINGDIOCO	10193036810	500.00
	FERNANDO B. CARABEO	11112428141	500.00
	ROSEMARIE T. FLORES	10103145430	1,000.00
	JOHN RYAN D. HADJINON	10119769923	1,000.00
November	CHERRIE ANN D. HUE	15117674255	500.00
	MAGDALENA D. NANALES	18119788692	500.00
	LILIBETH F. SAN JOSE	17116582405	1,000.00
	JUANITO R. RAMOS	18117641397	1,000.00
December	ROSE ANN C. SANTOS	15110359861	500.00
	CECILIA A. CATAJAN	19116566423	500.00
	FELIPE D. PLACIENTE, JR.	11117658552	500.00
	CLARITA P. LEGASPI	12193031760	500.00
	LIZA S. LISING	16115558873	500.00
	FELIX P. BAUTISTA	15104161697	1,000.00

OPERATION PLANNING

St. Martin Coop, nagplano para sa 2020

SHERWIN B. CELESTINO



Si Chief Officer Alvin Norieste habang inilalahad ang 2020 economic outlook sa mga managers ng St. Martin Coop sa kanilang isinagawang Operation Planning para sa taong 2020.

Muling nagsagawa ng Operational Planning para sa taong 2020 ang Pamunuan ng St. Martin Coop noong ika-14 hanggang 16 ng Nobyembre 2019 na ginanap sa Best Western Plus Hotel, Subic na dinaluhan ng mga Division Chiefs, Managers at piling millennial employees ng kooperatiba. Pinangunahan nina CEO Maria Cristina B. Naigan at COO Evangelina Guevarra ang 3-day sessions na naglalayon na mapagbuti ang buong operasyon ng kooperatiba upang makapagbigay ng magandang produkto at makapaghatid ng de-kalidad na serbisyo sa mga miyembro nito. Nais din ng Pangasiwaan na higit pang mapalakas ang St. Martin Coop sa pamamagitan ng mga estratehiyang sama-sama nilang binalangkas at pinag-isipan. Ang Operational Planning na ito ay naka-angkla sa tatlong pangunahing mithiin na nais mapagtagumpayan sa taong 2020—a.) Achieve the planned operational growth to sustain long-term business success, b.) Build a strong and high-quality membership base, and c.) Strengthen the SMTCDC’s competitiveness. Isinaalang-alang din na mabigyang-pansin sa pagpaplanong ito ang sektor ng kabataan, OFWs at mga entrepreneur upang mas makatulong at mapalawak pa ang pagbibigay serbisyo sa ating komunidad at mga kababayan. Umaasa ang Pangasiwaan na sa mga programa at aktibidad na kanilang inilatag para sa taong 2020, patuloy na matutugunan ng kooperatiba ang mga pangangailangan ng buong kasapian.

GAD ASSESSMENT TOOL

Assessment ng Gender and Development, may computerized tool na

ROWENA D.J. CELESTINO

Mapapadali na ang ebalwasyon ng mga inisyatibang nauukol sa GAD dahil sa pagkakaroon ng computerized program para dito. At ito ang focus ng pagsabak sa dalawang araw na Training on Gender and Development (GAD) Mainstreaming in Co-ops Using the Computerized GAD Assessment Tool noong Nobyembre 6-7, 2019 na ginanap sa Hive Hotel and Convention Place, Quezon City nina Chief Officer Raymond Cardenas at IT Programmer Dave Reyes.

Layunin ng pagsasanay na ito na makatulong sa GAD Committee at GAD Focal Person ng mga kooperatiba para maibilang o maisama sa kanilang computerized system ang nasabing tool. Binuo ito ng Gender Equality Resource Center (GERC) Inc. para magawa ng mga kooperatiba ang epektibo at mahusay na pagsusuri sa kasarian at pagpaplano. Kaya, itinuro rin dito ang

tamang paggamit ng nasabing assessment tool.

Isinagawa rin ito bilang pagtugon sa Memo Circular (MC) No. 2017-04: “Tool for Assessing Progress of Gender Equality in Primary Cooperatives as Supplemental to Memorandum Circular No. 2013-22” na inilunsad ng Cooperative Development Authority (CDA) para maisakatuparan ang pagsasagawa ng mga gawaing magbubunsod para matamo ang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa larangan ng kooperatiba.

Nilahukan ito ng mga manager, Chief Executive Officer, GAD Committee, at GAD Focal Person ng iba’t ibang kooperatiba. Lahat ng kooperatiba na nakisa sa pagsasanay na ito ay pagkakalooban ng GAD Assessment Tool computerized program.

© mula sa pahina 3

Pamumuno ng mga kabataan sa kooperatiba...

na pagtalakay sa mga may edad na pito hanggang 35 at edad 36 pataas na mga kinatawan. Hangad sa break-out sessions na ito na makapagbigay ng mas tutok na pagbabahagi ng mga ideya sa pagtatayo ng Lab Coop at mas mailahad ang iba’t ibang estratehiya na mas magpapalawak sa pag-intindi ng magandang adbokasiya ng EK. Binigyan din ng pagkakataon ang mga kawani ng kooperatiba na magtanong, magbigay-suhestiyon, at magklaro sa pamamagitan ng open forum. Sa break-out sessions din na ito pinaalala ang “baon minus ipon equals gastos” na epektibong prinsipyo ayon kay Atty. Khervy B. Reyes, OIC ng PCDO & PCLEDO Cavite at narapat daw ang agresibong pagtuturo nito sa mga kabataan ng kooperatiba.

Bilang pagtatapos, nagkaroon ng plenary sessions kung saan tinalakay ang synthesis ng EK NatCon 2019 at mga resolusyon sa mga isyung may kinalaman sa paksa. Sa huling pagkakataon, pinangunahan din ng Presiding Officer at nagsilbing Conference Convener na si Dr. Emmanuel M. Santiaguel ang turn-over of hosting ng EK NatCon 2020 sa mga opisyalas ng Bislig Region, Surigao Del Norte.

Ikinararangal ng St. Martin Coop na maging bahagi ng adbokasiyang mapalawig ang Youth Laboratory Cooperative. Mabuhay ang kilusang kooperatiba at maging ang mga kabataang magiging pag-asa nito sa hinaharap!

KAMI PO AY NAKIKIRAMAY

ELIZABETH AURELIO

Isang taos-pusong pakikiramay ang ipinaaabot ng St. Martin Coop sa mga naulila ng mga sumusunod na namayapang kamay-ari ng kooperatiba noong buwan ng Hulyo-Nobyembre 2019.

HULYO	DELA RAMA, GLORIA G.	SABERO, ANTONIO M.	MANQUIZ, SUSANA A.
CORTEZ, FIDELIZA I.	FAMARIN, FLOSERFINO F.	TANEZA, ABBAGAIL B.	MORALES, ALAIN VICTOR A.
DE LEON, TERESITA M.	LANDAYAN, MERCEDITA A.	VENTURA, AGATONA A.	SAMSON, AMELITA S.
ENRIQUEZ, ZENAIDA H.	REYES, ASUNCION G.	OKTUBRE	SANTOS, APOLLO D.
LORENZO, CHRISTOPHER F.	SETYEMBRE	BOLADO, LYDIA S.	NOBYEMBRE
MARIANO, FELINO V.	BERCHES, GREGORIO B.	DALISAY, EMMANUEL F.	BATALLA, FLORINDA D.
MORANTE JR., ANGEL D.	DIANO, RHYEAN D.	DE GUZMAN, FLORENCIA C.	CUIZON, CELIA C.
ROQUERO, LAURO G.	ELIQUIO, ROBERTO JR. G.	DE GUZMAN, GERTRUDES S.	MANALO, ANTONIO D.
AGOSTO	JUAN, VICTORIA S.	DE GUZMAN, MARLON J.	NICOLAS, RAUL P.
BARTOLOME, REYNALDO D.	LEONOR, JOEL D.	DELA CRUZ, ANTONIO B.	SIONGCO, EPIFANIA M.
CAJETA, MANUEL I.	MANZANO, AMELIA L.	LABARTINE, EDISON P.	SOLOMON, VICTORIANO JR.
DADAYA, ARISTEA B.	PELLOSIS, FLORA A.	MAÑALAC, MARINA A.	TUAZON, EMERENCIANA G.

Ang Mortuary Fund o damayan ay malaking tulong sa mga naulila kaya naman maglaan tayo ng halaga para rito. Ipinapaalala na ang P500.00 na minimum balance sa savings deposit ay di maaaring bawasan pa ayon sa sinusunod na alituntunin kung kaya’t magdeposito pa ng P1,000.00 bawat taon upang awtomatikong dito na lang mag-awas kung ang balanse ng inyong Mortuary ay umabot na sa P100.00. Nag-aawas ng 3 hanggang 4 na beses, o P600.00-P800.00 bawa’t taon depende sa dami ng namamatay na kasapi.

Tungkulin ng bawat miyembro ng Mortuary na alamin kung may sapat pang balanse ito. Huwag umasa sa sulat lamang na galing sa St. Martin Coop dahil may sipi kada buwan sa sangay na inyong kinabibilangan kung sinu-sino na ang dapat magdagdag. Kung mananatiling walang pagdagdag o pagbabayad na naganap, maaari nang itiwalg kayo sa kasapian ng Mortuary Fund.

Maaari ding maparating ang paalala sa pamamagitan ng pagtext o pagtawag sa telepono kung kaya’t isumite sa opisina ang inyong bagong numero kung sakaling kayo ay nagpalit.

FINANCIAL MANAGEMENT TRAINING

➤ Matamang nakikinig ang Board of Directors ng St. Martin Coop kay Glen Mendez ng NATCCO sa ibinigay nitong pagsasanay hinggil sa Financial Management.

St. Martin Coop Officers at Managers, patuloy ang pagsasanay

SHIERLY L. DELOS SANTOS

Noong ikapito ng Agosto 2019, naganap ang Second Managers' Meeting sa Wood Cabin Grove, Camangyanan, Sta. Maria. Ito ay dinaluhan ng Senior Management, mga Branch Managers, at gayundin ng mga Department Managers. Sina CEO Maria Cristina B. Naigan at COO Evangelina S. Guevarra ang naging resource speakers. Tinalakay ni COO Vangie ang tungkol sa Code of Governance and Ethical Standards. Kanyang binalikan at binigyang-diin ang tungkol sa Integridad at ang kahalagahan nito sa bawat empleyado ng kooperatiba. Ang pagiging tapat sa lahat ng oras ay lubhang napakahalaga sa pagganap ng kanilang mga tungkulin. Isang serbisyon tapat sa mga miyembro

na walang sawang tumatangkilik sa mga produkto ng kooperatiba at patuloy na kaagapay sa tagumpay nito sa loob ng 50 taon.

Sa kabilang dako, binigyang punto ni CEO Cristy ang tungkol sa leadership. Ipinaliwanag niya ang mga katangian dapat taglayin ng isang mahusay na pinuno. Ibinahagi niya na bilang isang leader, dapat lamang na maunawaan mo ang iyong sarili, malawak ang iyong pag-iisip sa pagtanggap ng mga negative feedbacks na iyong maririnig. Ikalawa, pag-isipan kung kailan gagamitin ang isang katangian para sa iyong kalamangan at kung hanggang saan ang mga hangganan. Ikatlo, suriin ang iyong sarili kung ano

ang mahalaga para sa iyo at kung sino ang gusto mong maging. At ikaapat, manatiling mausisa, at huwag tumigil sa paghahanap na maunawaan ang iyong sarili. Tinalakay din niya ang “How to put forward a proposal?” na kung saan, ibinahagi niya ang tamang proseso ng paggawa ng mga panukalang makakatulong sa ikabubuti ng pagpapatupad ng mga umiiral na patakaran ng Kooperatiba.

Samantala, sa pakikipagtulungan ng NATCCO ay naisagawa ang Financial Management Training noong ika-14 ng Setyembre 2019 na nilahukan ng Board of Directors at mga Committee Officers. Si Glenn M. Mendez, Consultancy Unit Head ng NATCCO, ang

nagsibing resource speaker ng nasabing training. Ang pagsasanay ay naglalayong: (1) magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga Officers sa usaping pananalapi; (2) mailapat ang mga kasanayang ito sa kooperatiba; at (3) maging ahente ng pagpapabuti ng pinansyal na katayuan ng kooperatiba. Makakatulong ang mga ito sa business proposals na kanilang ilalatag upang mapalawak at mas mapaunlad pa ang kooperatiba.

Tunay nga na ang layunin ng mga pagsasanay na ito ay upang mapalawig ang kaalaman ng mga kawani ng St. Martin Coop. Ito din ay isang paraan upang maisagawa nila ng maayos at wasto ang kanilang mga tungkulin.

Certified Cooperative Managers, muling nagkasama-sama sa 1st CCM Summit

SERAFIN M. CELESTINO, JR.

Muling pinagtagpo ang Certified Cooperative Managers (CCM) mula sa iba't ibang kooperatiba sa ginanap na First CCM Summit noong ika-29 ng Nobyembre 2019 sa Hotel Kimberly, Tagaytay City. Sila ay pawang mga nagtapos sa Coop Leadership and Management Program (COOP LAMP) ng National Confederation of Cooperatives (NATCCO) at Bayan Academy.

Ang bawat batch ng COOP LAMP graduates ay nagtanghal ng pampasiglang bilang na noong araw lang din yaon nila pinagsikapang ihanda. Sila ay buong kasiyahan kumanta at sumayaw sa saliw ng napili nilang tugtugin. Gamit ang video messaging, ipinaabot naman ni NATCCO CEO Sylvia Paraguya ang kanyang pagbati at bahagyang tinalakay ang kahalagahan ng pagsasaalang-alang ng digitalization sa sistema at operasyon ng mga kooperatiba.

Panauhing tagapagsalita rin si Lloyd Luna na nagpakilala ng Stepback Leadership, isang konsepto

sa pangangasiwa ng mga sinaunang Pilipino na nakaangkla sa pagtitiwala, pakikipagtulungan at pakikipagkapwa-tao na nakaaapekto sa pagganap at pagiging produktibo. Isa itong leadership style na nagpapahintulot sa pinagkakatiwalaang pinuno na palamlamin ang kanyang liwanag nang sa gayon ang kanyang pinalakas na mga katuwang ay makalikha ng masaya, makaganap ng produktibo, at magninging ng lubos kalaunan.

Aniya, sa ilang ancient wonders of the world, tanging ang Banaue Rice Terraces lamang ang nananatiling nagagamit at nagbibigay-buhay, naitayo nang walang inalipng sinuman, at walang isa man na umangkin ng karangalan.

Nagkaroon din ng plenary session tungkol sa cooperative DNA o mga katangiang dapat taglayin ng kooperatiba, ano ang tunay na misyon nito, gayundin ang inaasam ng mga coop managers para sa kilusang kooperatiba na dito ay isa sa napiling panelists si



FIRST CCM SUMMIT

➤ Ang mga Certified Cooperative Managers ng St. Martin Coop na kinabibilangan nina COO Vangie Guevarra, Chief Officers Cora Orito, Jonjon Celestino, Alvin Norieste, Mitch Hipolito at CEO Cristy Naigan.

CEO Cristy Naigan kasama nina Daisybelle Cabal ng NATCCO, Rosalie Valencia ng VALDECO, Eleonor Dillena ng MEMPCO at Joel Joson ng NEC Multi-purpose Cooperative.

KAHANDAAN

Paghahanda sa hinaharap, focus ng Business Continuity Seminar

REGINE DELA CRUZ

Sumailalim sa isang seminar na pinamagatang “Business Continuity of your Cooperative Beyond your Lifetimes” ang mga Branch Managers, Department Managers at Top Management ng St. Martin Coop noong ika-22 hanggang 25 ng Oktubre 2019. Nagsilbing resource persons sina Prof. Vicente R. Valdellon, Jr. at Monaliza R. Quindoza ang VRV Management and Property Consultancy, Inc.

Ang mga kawani ay aktibong nakilahok sa mga aktibidad at workshop na inihanda ng mga mentors sa bawat araw. Layunin ng naturang seminar na maging handa ang kooperatiba sa mga hindi inaasahang sakuna, kalamidad at problema na maaaring mangyari sa hinaharap sa pamamagitan ng paglalahad ng mga alternatibong solusyon at estratehiya na magiging kapaki-pakinabang. Ito ay nangangahulugan na ang bawat isa na bumubuo sa kooperatiba ay konektado sa lahat ng aspeto ng operasyon at pamamahala upang maging epektibo at tuloy-tuloy pa rin ang serbisyo nito hindi lamang sa mga empleyado kundi maging sa mga miyembro.



Senior Members, sinaluduhan sa kanilang naiambag sa Kooperatiba

JAYCELYN YNIERE

Narating ng St. Martin Coop ang ika-50 taong pag-iral dahilan na rin sa patuloy na suporta at pagtangkilik ng matatanda nitong mga miyembro. Katuwang ng mga halal na opisyal at Pangasiwaan, sila ang nagsilbing pundasyon ng patuloy na pag-unlad at katatagan ng kooperatibang ito. At ang kanilang mahalagang naiambag ay marapat lamang na saluduhan, hangaan at pasalamat.

Ganyan ang ginawa ng St. Martin Coop sa 686 na miyembrong dumalo sa Senior Members' Day noong

ika-13 ng Disyembre 2019 na ginanap sa Sto. Nino Academy, Binang 2nd, Bocaue, Bulacan. Hinandugan sila ng nakaaaliw na tula, sayaw, at mga awitin na inihanda ng ilang piling kawani ng kooperatiba. Hindi rin nawala ang free Flanax samples, pa-raffle at palaro bukod pa sa grocery giveaways na laan sa Senior Members.

Nagkaroon din ng tips kung paano pangalagaan ang kanilang pandinig at paningin. Ang mga ito ay tinalakay nina Dr. Ferdinand Lumaria at Dr. Frances Puentes pina

ng The Lord's Hospital na partner ng St. Martin Coop sa pagbibigay ng discount sa laboratory exams para sa mga kasapi.

Pinarangalan din sa pagtitipong ito ang Natatanging Senior Members na kinabibilangan nina Meynardo S. San Pedro, Dr. Nora M. Maclang, Vicenta D. dela Cruz, Gelacio M. San Martin at Teresita D. Ocampo. Hindi rin mawawala ang Search for Mr. and Ms. Senior 2019 na nakamit nina Benildo Adriano at Concepcion Andres. Pumili rin buhat sa Mr. and Ms. Senior contenders ng Mr.

and Ms. Gender Equality na naiuwi nina Cornelio Garcia at Ofelia Cruz. May pa-tanghalian at transportation allowance ding inihanda para sa lahat ng dumalo.

Hangad ng St. Martin Coop na maiparamdam sa mga kamay-ari ang pasasalamat nito at pagbibigay-halaga sa kanilang walang humpay na pagtangkilik sa kooperatiba. Asahan ang patuloy na pagbibigay ng mga magandang serbisyo at programang makatutulong sa mga kamay-ari anuman ang edad, kasarian o estado nila sa buhay.

PAGPUPUGAY SA MGA SENIOR MEMBERS

➤ Ang mga itinanghal na Mr. and Ms. Senior 2019 na sina G. Benildo Adriano at Gng. Concepcion Andres kasama ang Board of Judges ng patimpalak na iyon.